

WORD

“Sumagot si Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan na sa simula pa lang, nang likhain ng Diyos ang mundo, ‘ginawa niya ang tao na lalaki at babae?’”⁵ Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa. At silang dalawa ay magiging isa.”⁶ Hindi na sila dalawa kundi isa na lang. Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos.” **MATEO 19:4-6**

Ang pag-aasawa ay itinakda ng Diyos. Ito ay isang kasunduan ng pagsasama sa pagitan ng lalaki at babae sa harapan ng Diyos. Bagama't tayo ay nabubuhay sa mundo na nagtatangkang bigyan ng bagong kahulugan ang pag-aasawa, kailangan natin itong makita kung paano ito itinakda ng Diyos. Sa ating aralin, ating titingnan ang tatlong bagay na kailangan sa pag-aasawa batay sa Mateo 19.

1 Mga akmang tungkulin

Sumagot si Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan na sa simula pa lang, nang likhain ng Diyos ang mundo, ‘ginawa niya ang tao na lalaki at babae?’” **MATEO 19:4**

Nang likhain ng Diyos ang lalaki at babae, binigyan Niya sila ng akmang pananagutan na magbibigay sa kanila ng kakayahan na gampanan ang Kanyang mga plano. Ang bawat tungkulin ay may katumbas na layunin na maaaring gampanan ng lalaki at babae ayon sa kakayahan na nagmumula sa Diyos. Ito ay akma para sa ating lahat, anuman ang ating yugto sa buhay. Balikan ang isang sitwasyon na nagpakita sa iyo ng pagkakaiba ng mga lalaki at babae ngunit may magkatulad na mga tungkulin.

2 Pagkakaisa

“Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa. At silang dalawa ay magiging isa.”

MATEO 19:5

Ang isang lalaki at babae na mag-asawa ay tinawag na mamuhay nang may pagkakaisa. Dapat silang mamuhay at gumawa ng mga bagay bilang isa. Dapat silang magpasakop una sa Diyos, at saka sa isa't-isa. Sa lahat ng mga desisyon na kanilang ginagawa, dapat silang magkaisa—habang sila ay ginagabayan ng Diyos. Batid ang katotohanang ito, paano natin magagawang kumapit sa Diyos at paano natin magagawang mamuhay nang may kaisahan sa Kanya sa personal nating mga buhay? (Deuteronomio 10:20)

3 Paninindigan

“Hindi na sila dalawa kundi isa na lang. Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos.” **MATEO 19:6**

Kapag ang isang lalaki at babae ay ikinasal, sila ay tinawag na habangbuhay na manindigan para sa isa't-isa. Ang pag-aasawa ay hindi lamang isang kontrata; ito ay isang “kasunduan”. Ang kasunduan na ito ang nagpapanatili ng pag-ibig at hindi ang kabaligtaran. Sa kabila ng mga pagsubok na kanilang kinakaharap, ang mag-asawa ay dapat na manindigan at gumawa ng mga pang-araw-araw na desisyon bilang isa—at hindi laban sa isa't-isa—na kasama ang Diyos sa gitna ng kanilang pagsasama. Paano natin maipakikita ang ating paninindigan sa bawat araw ng ating buhay? (Mga Kawikaan 3:3)

APPLICATION

- Paano naiiba ang ibig sabihin ng plano ng Diyos sa pag-aasawa kung ihahambing natin ito ayon sa sinasabi ng ating lipunan o kultura? Paano dapat magbago ang ating pagkakaunawa dito ayon sa Salita ng Diyos?
- Sa iyong palagay, maaari bang magkaroon ng paninindigan at pagkakaisa sa pag-aasawa kung wala ang Diyos? Paano mo magagawang mas magtiwala sa Diyos na baguhin ka araw-araw upang maisakatuparan ang pagkatao na itinakda ng Diyos para sa iyo?
- Paano mo mapapalago ang iyong pang-unawa ayon sa akmang tungkulin ng isang lalaki o babae? Ano ang gagawin mong naiiba simula ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang plano at layunin para sa pag-aasawa, sa iyong pamilya, at sa iyong buhay. Ipanalangin na lagi mong susundin ang pamamaraan at Salita ng Diyos ng higit pa sa anumang bagay.
- Ihayag ang kabutihan at katapatan ng Diyos sa iyong buhay, at ipanalangin na ang lahat ng iyong mga relasyon ay magbibigay karangalan sa Kanya.
- Ipanalangin na ang iyong buhay ay maging isang pagpapala at halimbawa para sa maraming tao. Hingin sa Diyos na gamitin ang iyong buhay upang magpalakas ng loob, magbigay hamon, at magbigay ng inspirasyon sa ibang tao.



VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph